




# DUMARAAN KA BA SA PROSESO NG IMIGRASYON?

Karagdagang kaalaman tungkol sa kinakailangang test ng tuberkulosis (TB)!


## KUKUNAN KA NG DUGO

- Kinakailangan ng test sa tuberkulosis (o TB)
- Kumakalat ang TB sa pamamagitan ng hangin. Hindi alam ng karamihan ng tao na nahawaan na pala sila
- Makakakuha pa rin ng TB ang mga taong dati nang nabakunahan laban sa TB
- Hindi naapektuhan ng dating BCG ang test sa dugo



## KUNG POSITIBO ANG TEST MO SA DUGO

- Mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa katawan
- May dalawang klase ng TB:
  - Latent TB Infection (LTBI), na tinatawag ding “nakatago/natutulog na TB”
  - Aktibong TB
- Kailangan mo ng chest x-ray para matukoy kung anong klaseng TB ang mayroon ka
- Ipaalam sa doktor mo kung mayroon kang: ubo, dugo sa pag-ubo, lagnat, pagkawala ng gana sa pagkain, hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang, o pagpapawis sa gabi



## ANG TB AY NAGAGAMOT

- May mga antibiyotiko na nakakapatay sa bakterya ng TB at tumutulong para manatili kang walang sakit
- Makakatulong ang pag-inom ng antibiyotiko ngayon na maprotektahan ka at ang iyong pamilya mula sa pagkakaroon ng TB sa hinaharap

